

Para sa aming pasyente:

Sa ilalim ng mga pederal na regulasyon sa pribasiya, mayroon kayong karapatang humiling ng paghihigpit sa kung paano gagamitin o ihahayag ang inyong impormasyong pangkalusugan. Narito ang ilang bagay na dapat ninyong malaman tungkol sa karapatang ito at kung paano ito pinangangasiwaan ng PeaceHealth:

- Maliban sa mga paghihigpit sa mga paghahayag sa inyong planong pangkalusugan na inilarawan sa ibaba, hindi kailangan ng PeaceHealth na sumunod sa inyong paghiling ng paghihigpit.
- Hinihingi ng batas na ihayag ng PeaceHealth ang impormasyon ng pasyente *nang walang nakasulat na pahintulot*, sa iba't-ibang estado, pederal, at iba pang mga sangay para sa iba't-ibang layunin (tingnan ang Pinagsamang Abiso ng Mga Kasanayan sa Pribasiya ng PeaceHealth para sa kumpletong paglalarawan). Hindi namin maaaring sundin ang kahilingan na paghigpitan ang lahat ng paghahayag o na makuha ang inyong pahintulot bago ihayag ang alinman sa inyong impormasyong pangkalusugan.
- Sa pangkalahatan, hindi sasang-ayon ang PeaceHealth na sundin ang paghihigpit maliban kung lubos kaming nakatitiyak na kaya naming sundin ang paghihigpit ayon sa kahilingan. Maraming mga kahilingan sa paghihigpit ang tinatanggihan dahil sa mga praktikal na dahilan.
- May karapatan kayong humiling ng paghihigpit sa paghahayag ng inyong planong pangkalusugan para sa mga serbisyo o item na personal ninyong binayaran nang buo “galing sa sariling bulsa.” Kailangang sundin ng PeaceHealth ang ganitong uri ng kahilingan.
Gayunpaman:

- Kailangan niyong personal na bayaran nang buo ang aytem o serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugan.
- Dahil iba ang pagsasauli ng nagastos sa pananatili sa ospital bilang pasyente ng planong pangkalusugan kaysa sa ibang serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugan - karaniwang isang bayad sa kabuuan batay sa inyong pagsusuri - hindi praktikal na itago ang impormasyon tungkol sa isang partikular na serbisyo o aytem mula sa inyong planong pangkalusugan. Kung gusto niyong paghigpitan ang isang paghahayag sa inyong planong pangkalusugan para sa isang aytem o serbisyo na ibinigay sa panahon ng pananatili sa ospital bilang pasyente, dapat niyong magbayad nang buo para sa buong pananatili sa ospital.

SYS1000-Tag (04/14/20)

- Kung nagbabayad ka nang buo para sa isang serbisyo ng pagsusuri, tulad ng isang lab test o x-ray exam, at humiling kayo ng paghihigpit sa mga paghahayag sa iyong planong pangkalusugan, tiyak na hindi namin padadalhan ang iyong planong pangkalusugan ng isang kahilingan para sa pagsasauli ng nagastos. Gayunpaman, ang gumagamot na tagapagkaloob sa inyo ay maaaring kailanganing magsumite ng mga resulta ng pagsusuri sa inyong planong pangkalusugan upang mabayaran para sa kanyang mga serbisyo. Dapat kayong makipag-ugnayan nang direkta sa tanggapan ng inyong tagapagkaloob upang humiling ng paghihigpit.

Petsa nang natanggap ng HIM o PFS: _____

Apelyido:	Pangalan:	Gitnang Pangalan:
Address sa Kalye:	Telepono:	
Lungsod, Estado, Zip:	Petsa ng Kapanganakan:	

Hinihiling ko na gawin ang sumusunod na paghihigpit para sa aking protektadong impormasyong pangkalusugan:

- Paggamit ng, o paghahayag sa mga indibiduwal o mga sangay (maliban sa paghahayag sa aking planong pangkalusugan) tulad ng inilarawan sa ibaba.

Impormasyong paghihigpitan:
Ang mga indibiduwal na dapat na paghihigpitan mula sa paggamit o paghahayag ng aking protektadong impormasyong pangkalusugan ay kinabibilangan ng:
Panahon ng paghihigpit: (mula) _____ (hanggang) _____

- Ang mga paghahayag sa aking planong pangkalusugan tungkol sa mga item o serbisyo na kung saan sarili kong binabayaran nang buo “galing sariling bulsa” (sa pamamagitan ng pag-check sa kahon na ito, naiintindihan kong responsable akong bayaran ang mga item o serbisyo na nauugnay sa kahilingan na ito).

Paglalarawan ng item o serbisyo:	
(Mga) petsa ng serbisyo:	Numero ng account:

Naiintindihan ko at sumasang-ayon ako, na kung hihiling ako ng paghihigpit sa mga paghahayag sa aking planong pangkalusugan, dapat akong magbayad nang buo para sa tinukoy na (mga) serbisyo.

Pirma ng Pasyente/Taong Awtorisadong
Pumirma para sa Pasyente – Relasyon

Petsa Oras

FOR PEACEHEALTH USE ONLY Routing: Restrictions on disclosures to health plans – HIM; all others to Regional Privacy Officer

Restriction Accepted

Scan to RST-AD

Restriction Denied

Scan to RSTDEN

Patient/Personal Representative notified of restriction decision by:

Signature

Title

Date

Time

SYS1000-Tag (04/14/20)

Patient Identification

PeaceHealth
**Request for Restrictions of Protected Health
Information - Tagalog**
Page 3 of 3